




# Pagpapatala sa Mabuting Health Coverage

## Isang Step-by-Step na Gabay

**Open enrollment ay Nov. 1 2015 – Jan. 31, 2016.**



**Para sa coverage na mag-uumpisa sa January 1, 2016, magpatala bago lumipas ang December 15, 2015.**

Ang Covered California™ ay isang programa ng Estado ng California kung saan maihambing at mabili nyo ang pribadong health insurance plans, at makakuha ng pinansiyal na tulong sa pagbayad ng health coverage, kung kwalipikado ka. Tutulungan ka ng gabay na ito para maunawaan nang lubos ang iyong mga opsyon at magpatala sa health plan na nararapat sa mga pangangailangan mo.

### Hakbang 1: Makakakuha ka ng tulong sa pagbabayad ng health insurance kung kwalipikado ka.

Ang pagkakaroon ng health insurance ay nakakabawas sa alalahanin kung may di-inaasahang pangyayari, pero marami sa atin ang nag-aalala sa presyo nito. Ang tax credit ay isang uri ng pinansyal na tulong na magagamit ng mga taong kwalipikado base sa laki ng sambahayan at kita – kung mas mababa ang iyong kita, mas malaki ang pinansyal na tulong na maaaring matanggap mula sa Covered California. Kung hindi ka kwalipikado sa pinansyal na tulong, maaari ka pa ring magpatala sa health coverage sa pamamagitan ng Covered California.

Tingnan ang chart sa ibaba o bisitahin ang Shop and Compare Tool sa CoveredCA.com para alamin kung magkano ang maaaring maging presyo ng iyong plan, at para malaman kung kwalipikado ka sa pinansyal na tulong o Medi-Cal.

(Note: Ang 'Shop and Compare Tool' ay available sa English)

### Alamin mo kung karapat-dapat ka para sa pinansiyal na tulong:

Bilang ng mga tao sa iyong sambahayan	Kung ang iyong 2016 na sambahayang kinikita ay mas mababa sa...	Kung ang iyong 2016 na sambahayang kinikita ay sa pagitan ng...
1	\$16,243	\$16,243 – \$47,080
2	\$21,984	\$21,984 – \$63,720
3	\$27,725	\$27,725 – \$80,360
4	\$33,466	\$33,466 – \$97,000
5	\$39,206	\$39,206 – \$113,640
	<b>Maaari kang karapat-dapat sa Medi-Cal</b>	<b>Maaari kang karapat-dapat sa pinansiyal na tulong sa pagbili ng insurance sa pamamagitan ng Covered California</b>

# Pagpapatala sa Mabuting Health Coverage

## Isang Step-by-Step na Gabay



### Kung kwalipikado ka sa Medi-Cal:

Ang Medi-Cal ay isang programa ng pampublikong health insurance para sa mga taga-California na may limitadong kita.

Kung kwalipikado ka, bisitahin ang [CoveredCA.com](http://CoveredCA.com) o ang iyong mga lokal na county social services office para makapag-aply. Maaari ka ring humingi ng tulong sa isang Covered California Certified Enrollment Counselor o Ahente para tulungan ka sa pagpapatala sa Medi-Cal.

## Hakbang 2: Pag-aralan ang iyong mga opsyon para sa coverage.

Ang Covered California ay nag-aalok ng iba't-ibang plan para makapili ka ng isa na tama para sa mga pangangailangan ng iyong kalusugan at badyet.

### Bago piliin kung anong plan ang para sa iyo, pag-isipan ang mga bagay na ito:

**Anong antas ng coverage ang kailangan mo at ng iyong pamilya?** Ang Covered California ay nag-aalok ng iba't-ibang plan na mapagpipilian depende sa kalagayan ng iyong kalusugan at pinansyal na kakayahan. Narito ang ilang mga bagay na dapat pag-isipan kapag namimili ka ng plan:

- **Antas ng Coverage:**
  - **Piliin ang Platinum o Gold...** kung kakailanganin mo ng higit pang pangangalaga. Mas malaki ang buwanang bayad sa mga plan na ito, kaya kapag nangailangan ka ng mga medikal na serbisyo, mas kaunti na lang ang babayaran mo.
  - **Piliin ang Silver o Bronze...** kung malusog ka at hindi nangangailangan ng maraming pangangalaga. Sa mga plan na ito, mas mababa ang buwanang bayad ngunit mas malaki ang babayaran mo kapag nangailangan ka ng mga medikal na serbisyo. Sa mga kwalipikado, ang mga plan na Enhanced Silver ay nag-aalok din ng mas mababang out-of-pocket payment.
  - **Ang isang minimum coverage plan** ay maaari ring kunin ng mga taong mas bata sa 30 taong gulang o sa mga makapagpapatunay na nakakaranas sila ng paghihirap. Ang mga plan na ito ay may mabababang premium at nagbibigay ng proteksyon sa mga 'worst-case' na sitwasyon. Hindi mo magagamit ang pinansyal na tulong upang bayaran ang minimum coverage plan.
- **Mga Inaasahang Gastos:**
  - Habang pinag-iisipan ang plan, siguraduhing naiintindihan mo nang husto ang premiums, deductibles, copays at mga out-of-pocket limit na sasagutin mo, anong uri ng mga serbisyo ang sakop ng plan, at kung tinatanggap ng iyong mga kasalukuyang doktor ang coverage.

## Mga Standard coverage benefit sa bawat antas

Mahahalagang Benepisyo	Sinasakop ng <b>Bronze</b> ang 60% ng taunang gastos	Sinasakop ng <b>Silver</b> ang 70% ng taunang gastos	Sinasakop ng <b>Gold</b> ang 80% ng taunang gastos	Sinasakop ng <b>Platinum</b> ang 90% ng taunang gastos
Deductible	\$6,000	\$2,250**	walang deductible	walang deductible
Taunang Preventive Care Visit	walang bayad	walang bayad	walang bayad	walang bayad
Primary Care Visit Copay	\$70*	\$45	\$35	\$20
Urgent Care Visit Copay	\$120*	\$90	\$60	\$40
Emergency Room Copay	Full cost up to deductible	\$250	\$250	\$150
Generic Medication Copay	Full cost up to \$500 deductible	\$15	\$15	\$5
Taunang Out-of-Pocket Maximum para sa Isa	\$6,500	\$6,250	\$6,200	\$4,000
Taunang Out-of-Pocket Maximum para sa Pamilya**	\$13,000	\$12,500	\$12,400	\$8,000

Hindi kasama sa chart ang lahat ng medikal na copay at mga coinsurance rate. Para sa kumpletong impormasyon, bisitahin ang [www.CoveredCA.com](http://www.CoveredCA.com)

\* Sa mga Bronze na plan, tinatanggal ang deductible para sa unang tatlong primary care na pagbisita. Sa mga karagdagang pagbisita, sisingilin ka ng buong halaga hanggang sa maabot ang deductible.

\*\* Tanging sa Silver lamang maaaring mas mababa ang deductible at iba pang mga gastos base sa kita ng iyong sambayanan.

Para sa kumpletong paliwanag ng iba't ibang antas ng coverage, pag-aralan ang iyong mga opsyon, bisitahin ang [www.CoveredCA.com](http://www.CoveredCA.com).

# Pagpapatala sa Mabuting Health Coverage

## Isang Step-by-Step na Gabay



**Ano ang mga makukuhang provider network sa iyong lugar?** Sa pamamagitan ng Covered California, makakapili at makakabili ka ng mga pribadong insurance plan mula sa mga mapagkakatiwalaang provider. Bagama't lahat ng kumpanya ng insurance ay nag-aalok ng parehong antas ng coverage, nag-aalok ang mga ito ng iba't ibang uri ng plan at mga provider network (mga doktor at ospital sa iyong lugar na tumatanggap sa iyong insurance). Kung gusto mong patuloy na magpatingin sa iyong mga kasalukuyang doktor, hanapin kung sa anong mga plan kasali ang kanilang network.

**Anong uri ng plan ang pinakamaganda para sa iyong pamilya?** Karamihan ng mga insurance company ay nag-aalok ng tatlong uri ng mga coverage plan: health maintenance organizations (HMOs), preferred provider organizations (PPOs), at exclusive provider organizations (EPOs). Tinutukoy ng mga uri ng plan na ito kung aling mga doktor at ospital ang maaari mong bisitahin at paano mo makukuha ang mga partikular na serbisyo sa kalusugan.

- Sinasaklaw lamang ng mga **HMOs** ang gastos ng mga pagbisita sa doktor at ospital kung kasama ito sa network ng plan. Madalas hinihilingan ng mga HMOs na kumuha ang mga miyembro ng referral sa kanilang primary care na doktor upang magpatingin sa specialist.
- Binabayaran ng mga **PPOs** ang mga pagbisita sa mga doktor na nasa loob at labas ng network ng plan, pero mas malaki ang babayaran ng mga miyembro sa out-of-network na pangangalaga.
- Sa pangkalahatan ay hindi binabayaran ng mga **EPOs** ang mga pangangalaga sa labas ng network ng plan, ngunit maaaring hindi kailangan ng mga miyembro ng referral para magpatingin sa specialist na nasa loob ng network.

Mahalagang tandaan na hindi pare-pareho ang lahat ng PPOs, HMOs at EPOs. Siguraduhing alam mo ang lahat ng detalye tungkol sa isang plan – tulad ng aling mga doktor at ospital ang sakop ng plan at magkano ang gagastusin para magpatingin sa out-of-network na doktor – bago ka pumili.

## Hakbang 3: Kunin ang lahat ng kailangan mong impormasyon.

Kapag nakapili ka na ng plan na angkop para sa iyo, oras nang umpisahan ang proseso ng pagpapatala. Siguraduhing dala mo ang lahat ng tamang papeles at impormasyon kapag nag-aply ka.

### Sa bawat miyembro ng pamilya na kasali sa health plan (kasama ka), dapat mayroon kang:



Impormasyon tungkol sa kita\* - 2015 tax returns, pinakahuling pay stubs at/o W-2 forms



Identification – California Driver's License, California ID Card, U.S. Passport, o iba pang ID card.



Patunay ng citizenship o lawful presence – U.S. Passport, legal resident card, o dokumentasyon ng naturalization

### Gayundin, sa lahat ng nag-aaply na kapamilya, dapat alam mo ang:



Social security numbers\*\* (kung mga U.S. citizen)



Mga petsa ng kapanganakan



Mga zip code ng tirahan

**Ang pagkuha ng coverage ay hindi lamang ang pinakamagandang magagawa mo para sa iyong kalusugan – ito ay ayon sa hinihiling ng batas.**



Simula noong January 2014, karamihan ng mga tao ay kinakailangang may health insurance o magbabayad sila ng tax penalty.

Sa 2016, ang multa ay magiging 2.5 porsiyento ng taunang kita ng iyong sambahayan o \$695 bawat adulto (at \$347.50 sa bawat anak na may edad mas mababa sa 18), anuman ang mas mataas.

\* Patunay ng kasalukuyang kita sa bawat kapamilyang nag-aaply. (Ang kita ng isang dependent ay maaari lang isama kung ang antas ng kanilang kita ay humihiling ng pangangailangang mag-file sila ng tax return.) Ang isang pamilya ay tumutukoy sa isang taong nagpa-file ng tax bilang ulo ng pamilya at lahat ng dependent na lakip sa tax ng taong iyon. Kung hindi ka nagpa-file ng tax, maaaring kwalipikado ka pa rin sa libre o murang insurance sa pamamagitan ng Medi-Cal.

\*\*Ang mga pamilyang may ilegal na imigrante (tnt) ay maaaring mag-aply para sa anak mo kahit na hindi ka nararapat sa coverage.

# Pagpapatala sa Mabuting Health Coverage

Isang Step-by-Step na Gabay



## Hakbang 4: Gumawa ng account at magpatala.

Maaari kang magpatala sa iyong plan online sa [www.CoveredCA.com](http://www.CoveredCA.com). Ang kailangan mo lang gawin ay gumawa ng user account at sundin ang proseso ng pagpapatala gamit ang nakuha mong impormasyon sa Hakbang 3.

Kung gusto mo ng tulong sa pagpapatala, nag-aalok ang Covered California ng libre, kumpedensyal na tulong malapit sa iyo. Para makahanap ng lokal na tulong, pumunta sa [www.CoveredCA.com/enrollment-assistance](http://www.CoveredCA.com/enrollment-assistance) at ilagay ang iyong zip code. Maaari mo rin kaming tawagan sa (800) 300-1506.

## Hakbang 5: Itago ang mahalagang impormasyon.

Kung sakaling may tanong ka tungkol sa coverage mo sa hinaharap, importanteng gumawa ng listahan ng mga pangalan at numero mula sa iyong application at insurance plan. I-sulat ang susunod na mahahalagang impormasyon:

ANG IYONG APPLICATION ID NUMBER

ANG IYONG CASE NUMBER

ANG PANGALAN NG IYONG HEALTH INSURANCE COMPANY

ANG IMPORMASYON TUNGKOL SA IYONG INSURANCE PLAN (PLAN NUMBER, GROUP NUMBER, ATBP.)

ANG PANGALAN AT CONTACT INFORMATION NG CERTIFIED ENROLLMENT COUNSELOR (CEC), CERTIFIED INSURANCE AGENT O PLAN BASED ENROLLER (PBE) NA TUMULONG SA IYONG MAGPATALA.

## Hakbang 6: Bayaran ang iyong premium.

Bawat buwan, bago lumipas ang due date, bayaran ang iyong insurance premium sa pinili mong health insurance company – **hindi sa Covered California.**




Para sa karagdagang impormasyon o para makahanap ng libre, kumpedensyal at lokal na tulong, kontakin:



[CoveredCA.com](http://CoveredCA.com) | (800) 300-1506

### May karagdagang tanong?

Panoorin ang aming “Welcome to Answers” video series sa [CoveredCA.com/FAQs](http://CoveredCA.com/FAQs)



(Tandaan: Ang “Welcome to Answers” ay isang video series na nagbibigay ng impormasyon na mapapanood lamang sa wikang English)

### Ang ilan sa mga paksa:

- Ano ang Covered California?
- Paano Ako Magpapatala?
- Paano Matutulungan ng Covered California ang mga Taong Mas Bata sa 30?
- Paano Ginagawang Abot-Kaya ng Covered California ang Insurance?
- Paano Binabago ng Affordable Care Act ang Health Insurance?



May makukuhang mga interpreter para sa mga tumatawag na nangangailangan ng tulong sa mga ibang wika